**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-317**

**KAPASIYAHAN NA PINAHIHINTULUTAN ANG PAGPUTOL NG MGA PUNONGKAHOY NA NASA LUPANG PAGTATAYUAN NG PROYEKTONG "CITY HALL ANNEX".**

**************************************************************************************
Ipinanukala ni : **Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay may proyektong konstruksyon ng "City Hall Annex" sa bakanteng lote na katabi o kanugnog ng kasalukuyang gusali ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang mobilisasyon at paglilinis sa lugar na ito ay sinisimulan na upang maumpisahan ang konstruksyon ng proyekto;

**SAPAGKAT,** sa lote na pagtatayuan ng bagong gusali ay may anim (6) na punongkahoy na tatamaan na nangangailangan ng paglilipat nito;

**SAPAGKAT,** sa disenyo at plano ng pagtatayuan ng gusali, ang mga punongkahoy ay hindi maiiwasan kundi kailangan ng alisin;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay may Kautusang Bayan na umiiral (bilang 90-26) na nagbabawal ng pagbunot at pagputol ng punongkahoy na pag-aari ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** sa pag-aaral sa magiging benepisyo ng pagpapatayo ng bagong gusali, napag-alaman na higit na makabubuti sa Pamahalaang Lungsod ang pagpapagawa nito kung kaya't pinagpasiyahan na payagan ang pagbunot at paglilipat ng nasabing punongkahoy;

**SAPAGKAT,** napag-alaman na kung huhukayin at ililipat ang mga punongkahoy at itatanim sa ibang lugar, ang magagastos para dito ay magiging malaki at wala pang kasiguruhan kung mabubuhay pa;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na pahintulutan ang pagpapaputol ng mga punongkahoy na nasa lugar ng pagtatayuan ng bagong gusali (City Hall Annex) ng Pamahalaang Lungsod upang mabigyan ng pagkakataon ang konstruksyon ng nasabing proyekto;

**PINAGPASIYAHAN PA,** na sa aalising punongkahoy, ito ay dapat palitan ng panibago.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panglungsod ngayong ika-2 ng September, 1996 sa kanilang ika-53rd regular na sesyon.

**SUMANG-AYON:**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo,Samahan ng mga
Punong-Barangay

KGG. ALLAN REY A. CAMILON
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

**Pinatototohanan ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito:**

NECITO M. GUICO
Kalihim
SANGGUNIANG PANGLUNGSOD

PINATUTUNAYAN:

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod

Petsa: 1/11

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-85-85
(local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96